

Impersyon ng Zika Virus

Mikrobyong Sanhi ng sakit

Ang impeksyon ng Zika virus ay isang sakit na dala ng lamok na sanhi ng Zika virus.

Mga klinikal na katangian

Karamihan sa impeksyon ng Zika virus ay walang sintomas. Para sa mga pasyente na may mga sintomas, karaniwang mayroon silang mga pantal sa balat, lagnat, pamamaga at pamumula ng mata, pananakit ng kalamnan o kasukasuhan at masamang pakiramdam sa katawan. Ang mga sintomas na ito ay karaniwang banayad at tumatagal ng ilang araw

Ang kasalukuyang pinakaikinababaha ay ang kaugnayan nito na may masamang resulta sa pagbubuntis (microcephaly) at neurolohiko at autoimmune na mga komplikasyon tulad ng Guillain-Barré syndrome (GBS). Ang Organisasyon ng Pandaigdigang Kalusugan (World Health Organization) ay nahinuha na ang impeksyon ng Zika virus sa panahon ng pagbubuntis ay isang sanhi ng mga abnormalidad ng utak pagkapanganak, kabilang ang microcephaly, at ang Zika virus ay isang dahilan ng pagsisimula ng GBS.

Bukod sa GBS, ang acute disseminated encephalomyelitis (isang sakit ng sentrong sistema ng nerbiyo) ay natagpuan na isa sa mga neurolohikong palatandaan na posibleng naging resulta mula sa impeksyon ng Zika virus.

Paraan ng Pagkahawa

Ang Zika virus ay pangunahing naikakalat sa tao sa pamamagitan ng kagat ng nahawaang lamok na *Aedes*. Ang *Aedes aegypti*, na kasalukuyang hindi matatagpuan sa Hong Kong, ay itinuturing na pinakamahalagang tagapagpakalat ng Zika virus sa mga tao. Ang ibang mga uri ng lamok na *Aedes* tulad ng *Aedes albopictus* na karaniwang matatagpuan sa Hong Kong ay itinuturing na posibleng mga tagapagpakalat.

Ang Zika virus ay natagpuan din sa semilya ng tao at ang pagkalat sa pamamagitan ng pagtatalik ay nakumpirma. Ang pagkalat ng Zika virus sa pamamagitan ng pakikipagtalik ng lalaki sa kapwa lalaki ay dokumentado din sa literatura. Ang ibang mga pamamaraan ng pagkalat tulad ng pagsasalin ng dugo at pagsasalin ng sakit mula sa ina patungo sa sanggol sa sinapupunan ay posible.

Panahon ng Inkubasyon

Ang panahon ng inkubasyon sa Zika virus ay umaabot sa 3 - 14 araw.

Pamamahala

Walang tiyak na paggamot sa impeksyon ng Zika virus at ang pangunahing paraan ng paggamot ay ang paglunas sa mga sintomas at pag-iwas sa pagkawala ng tubig sa katawan. Kapag ang mga sintomas ay lumalala, ang mga pasyente ay dapat humingi ng medikal na pangangalaga at payo.

Pag-iwas

Sa kasalukuyan, walang epektibong bakuna laban sa impeksyon ng Zika virus. Upang mapigilan ang impeksyon ng Zika virus, pinaaalalahanan ang mga miyembro ng publiko na protektahan ang kanilang mga sarili mula sa mga kagat ng lamok at tumulong na mapigilan ang paglaganap ng mga lamok. Ang publiko ay pinapayuhan din na magsagawa ng pag-iingat upang mapigilan ang sekswal na pagkalat ng Zika virus.

Pangkalahatang mga panukala sa pagpipigil ng sakit na dala ng lamok

1. Magsuot ng maluwag, may mapupusyaw na kulay, at may mahabang manggas na pang-itaas at pantalon, at gumamit ng pantaboy ng insekto na naglalaman ng DEET sa nakalantad na mga bahagi ng katawan at damit.
2. Gumawa ng karagdang mga hakbang sa pag-iwas kapag nakikisali sa mga gawaing panlabas:
 - Iwasan ang paggamit ng mababangong mga pampaganda o mga produkto para sa pangangalaga sa balat
 - Maglagay muli ang mga pantaboy ng insekto ayon sa mga tagubilin
3. Espesyal na mga tala kapag naglalakbay sa ibang bansa:
 - Kung pupunta sa [mga lugar na may patuloy na pagkalat ng Zika virus \(apektadong mga lugar\)](#), ang mga manlalakbay, lalung-lalo na ang mga taong may sakit sa imunidad o malubhang mga sakit, ay dapat magtakda ng konsultasyon sa isang doktor 6 na linggo bago ang biyahe, at magkaroon ng dagdag na mga pamamaraan upang maiwasan ang mga kagat ng lamok.
 - Sa panahon ng pagbiyahe, kapag naglalakbay sa apektadong lugar sa kanayunan, magdala ng nabibitbit na kulambo at lagyan ito ng permethrin (isang insektisidyo). Ang Permethrin ay HINDI dapat i-aplay sa balat. Maghanap kaagad ng medikal na atensyon kung masama ang pakiramdam
 - Ang mga manlalakbay na galing sa apektadong mga lugar ay dapat maglagay ng pantaboy sa insekto ng hindi mababa sa 21 araw matapos dumating sa Hong Kong. Kung masama ang karamdaman hal. pagkakaroon ng lagnat, dapat maghanap kaagad ng medikal na payo, at magbigay ng mga detalye ng paglalakbay sa doktor.

Ang mga buntis na kababaihan at mga bata na 6 na buwan o mas matanda ay maaaring gumamit ng pantaboy ng insekto na may DEET. Para sa mga

batang naglalakbay sa mga bansa o mga lugar kung saan ang mga sakit sa lamok ay endemik o epidemya at kung saan malamang na malalantad, ang mga batang may edad na 2 buwan o pataas ay maaaring gumamit ng mga pantaboy ng insekto na naglalaman ng DEET na may konsentrasyon ng DEET ng hanggang sa 30%. Para sa mga detalye tungkol sa paggamit ng mga pantaboy ng insekto at ang mga pangunahing punto na dapat sundin, mangyaring sumangguni sa ['Mga tip para sa paggamit ng mga pantaboy ng insekto'](#).

Pagpipigil ng sekswal na pagkalat*

- A. Dapat isaalang-alang ng mga manlalakbay na huwag makipagtalik sa panahon ng paglalakbay sa mga apektadong lugar, o kaya ay dapat gumamit ng kondom.
- B. Ang mga lalaki at babaeng manlalakbay na bumalik mula sa mga apektadong lugar ay dapat umiwas sa pakikipagtalik nang hindi bababa sa 3 buwan at hindi bababa sa 2 buwan ayon sa pagkabanggit pagkabalik, o kaya ay dapat gumamit ng kondom.
- C. Ang babaeng buntis ay hindi dapat makipagtalik sa kanyang kapareha na naglakbay sa mga apektadong lugar, o kaya ay dapat gumamit ng kondom sa buong panahon ng pagbubuntis

** Ang panukalang ito ay maaaring baguhin dahil sa pagdami ng impormasyon. Ang mga indibidwal na mayroon pang mga pag-aalala tungkol sa potensyal na sekswal na pagkalat ng Zika virus ay dapat makipag-ugnayan sa kanilang doktor para sa payo*

Ang mga buntis na kababaihan ay hindi dapat maglakbay sa [mga lugar na may patuloy na pagkalat ng Zika virus](#). Ang mga babaeng naghahanda para sa pagbubuntis ay dapat tandaan ang Mga Punto A at B sa itaas. Kung plano nila o ng kanilang mga kaparehang lalaki na maglakbay sa mga apektadong lugar, dapat silang kumunsulta sa kanilang mga doktor para sa payo tungkol sa panganib. Ipinapayo ang paggamit ng [pantaboy sa lamok na may DEET](#) habang naglalakbay at kapag pabalik galing sa mga lugar na ito sa loob ng hindi bababa sa 21 araw sa lahat ng manlalakbay kabilang na ang mga babaeng nagbubuntis.

Pinapayuhan ang mga buntis na kababaihan na:

- regular na dumalo sa antenatal na follow up at sabihin sa nagaasikasong doktor ang kasaysayan ng nakaraang paglalakbay
- obserbahan ang mga sintomas ng impeksyon ng Zika virus at humingi ng medikal na payo sa lalong madaling panahon kapag masama ang pakiramdam;
- umiwas sa pakikipagtalik sa kanyang kapareha na naglakbay sa mga apektadong lugar, o kaya ay dapat gumamit ng kondom sa buong panahon ng pagbubuntis

Tumulong sa pagpigil ng paglaganap ng lamok

1. Iwasan ang akumulasyon ng hindi umaagos na tubig
 - Palitan ang tubig sa mga plorera isang beses sa isang linggo
 - Iwasan ang paggamit ng mga platito sa ilalim ng mga paso ng bulaklak
 - Takpan nang mahigpit ang mga lalagyan ng tubig
 - Siguraduhin na ang mga pangsalo ng tubig sa air-conditioner ay walang naipon na tubig
 - Ilagay ang lahat ng mga ginamit na lata at bote sa mga natatakpan na mga basurahan
2. Kontrolin ang mga tagapagkalat at imbakan ng mga sakit
 - limbak ang pagkain at itapon ang basura nang maayos

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagkontrol at pagpigil sa pamumugaran ng lamok, mangyaring bisitahin ang website ng Kagawaran ng Pagkain at Kalinisan ng Kapaligiran (Food and Environmental Hygiene Department o FEHD)

sa

http://www.fehd.gov.hk/english/pestcontrol/handbook_prev_mos_breeding.html

3 Hulyo 2019

3 July 2019